Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-20 NG SETYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | Kasangguni |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 158-2021**

**ISANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD, KGG. GILBERT T. GATCHALIAN AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA SA NAULILANG PAMILYA AT MGA KAANAK NG YUMAONG SI KGG. LEONIDES P. MANAHAN, DATING KONSEHAL NG SANGGUNIANG BAYAN NG MALOLOS AT ARKITEKTO SA ILALIM NG TANGGAPAN NG INHINYERONG PANLALAWIGAN.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. ENRICO C. CAPULE**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** si Kgg. Leonides P. Manahan ng Barangay ng Barihan, Lungsod ng Malolos ay sumakabilang buhay noong ika-17 ng Setyembre, 2021;

**SAPAGKAT,** ang kanyang pagyao ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya, kanyang mga kaanak, ay pati na rin sa mga mamamayan ng Lalawigan ng Bulacan;

**SAPAGKAT,** siya ay nagtala ng paglilingkurang publiko bilang bahagi ng Sangguniang Bayan ng Malolos sa panahon ni Punong Bayan Kgg. Purificacion Reyes, at dating arkitekto sa ilalim ng Tanggapan ng Inhinyerong Panlalawigan sa panahon naman ni Punong Lalawigan Kgg. Nacing Santiago;

**SAPAGKAT,** ang kaniyang mga disenyo ng gusali ay kinilala sa Lalawigan ng Bulacan gaya ng Hiyas ng Bulacan Cultural Center (dating Gusaling Gat Blas F. Ople: Sentro ng Kabataan, Sining at Kultura) na itinayo noong 1971 at ang Bisita ng Santisima Trinidad (*Neo-Spanish design*) na naitayo naman noong 1981;

**SAPAGKAT,** siya ay naglingkod sa simbahan nang siya ay naging chairman ng Sub-Parish Pastoral Council ng Bisita ng Santisima Trinidad noong 1992 at noong 2019 ay ginawaran ng Diocesan Award ng Diocesan Commissin on Liturgy ng Diocese of Malolos;

**SAPAGKAT,** bilang konsehal ng bayan ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na panunungkulan sa noong Bayan ng Malolos upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay at katatayuan ng ating mga kababayan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** bilang bumubuo ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay marapat nating iparamdam at ipahayag ang ating marubdob na pakikiramay at pag-alaala sa isang lingkod madla na nagkintal at nagparamdam ng makabuluhan at dakilang serbisyo publiko;

Dahil dito, sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Enrico C. Capule** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang marubdob na pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod, Kgg. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda, sa naulilang pamilya at mga kaanak ng yumaong si Kgg. Leonides P. Manahan, dating Konsehal ng Sangguniang Bayan ng Malolos at Arkitekto sa ilalim ng Tanggapan ng Inhinyerong Panlalawigan.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

***KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09132021